# Mga Opsiyon sa Colorectal Cancer Screening

Isa sa mga pinakamapipigilang kanser ang colorectal cancer.
Kung ikaw ay 45 taon o higit pa, kausapin ang iyong doktor tungkol sa mga opsiyon sa screening. Kailangang kausapin agad ng mga taong may mga kapamilyang nagkacolorectal cancer ang kanilang doktor.

| Colonoscopy | FIT o DNA Stool-Based Test |
|---|---|
| Simple at ligtas na procedure kung saan gumagamit ang doktor ng mahabang tubo na may ilaw at camera para humanap ng polyps. | Madaling test ng dumi na ginagawa sa bahay gamit ang isang kit para makakolekta ng sample ng dumi na ipinadadala sa lab. |
| Screening at detection.<br>Pinipigilan ang kanser sa pamamagitan ng pagtatanggal ng polyps.<br>Nahahanap ang karamihan ng mga kanser sa oras ng test. | Screening lamang.<br>Maagang nahahanap ang kanser sa pamamagitan ng paghahanap ng dugo o nabagong DNA sa dumi.<br>Kapag positive ang resulta ng test, kakailanganin ang colonoscopy. |
| Isinasagawa sa clinic o sa ospital.<br>Kapag normal ang resulta ng test, ulitin kada 10 taon.<br>Kailangang maghanda gamit ang laxatives at kailangan mo ng susundo sa iyo pauwi. | Ginagawa sa bahay.<br>Ulitin ang FIT taon-taon o DNA test kada tatlong taon.<br>Walang kailangang paghahanda. |
| Covered ng karamihan ng health insurance plans, pero kung wala kang insurance, posibleng maging mahal ito. | Murang test na covered ng karamihan ng health insurance plans. Maaaring i-cover o hindi i-cover ng insurance ang follow-up colonoscopy. |

## Ang Pinakaimportante

Colorectal cancer ang #2 na dahilan ng kamatayang may kinalaman sa kanser sa U.S. Sa pamamagitan ng routine screenings, maagang makikita ang mga senyales ng kanser, para mas madali pang mapigilan o magamot ang kanser.

## Mga Risk Factor para sa Colorectal Cancer

- Personal na nagkaroon o nagkaroon ang kapamilya ng kanser o colorectal polyps.
- Inflammatory bowel disease tulad ng Crohn's disease o ulcerative colitis.
- Genetic syndrome tulad ng familial adenomatous polyposis o Lynch syndrome.

NEVADA CANCER COALITION

CheckYourPoop.com
NevadaCancerCoalition.org

*Suportado ng Nevada Division of Public and Behavioral Health, Grant Number #1 NH75OT000092-01-00 mula sa CDC*
*Nounproject.com Icons: Doktor-Iconathon, Ospital-Royyan Wijaya, Money1-Arief Sugihanto, Test Tube-ProSymbols, Home/person-Gan Khoon Lay, Money 2-newstudiodesign*
*10*